Paano Gamitin **Ang PRESTO**

1. Bumili ng card

Bumili ng PRESTO card online sa **www.prestocard.ca** o sa isa sa mga sumusunod na terminal/ pasilidad ng Brampton Transit: Bramalea, Downtown, Shoppers World, at Trinity Common Terminals, Clark and Sandalwood Facilities.

May $6 na di maire-refund na singil para sa pag-iisyu sa oras ng pagbili.

Paalaala: Ang pinakamababang halaga ng pera na maaari mong i-load sa iyong PRESTO card ay $10 at ang pinakamalaki ay $1000. Maaari kang mag-load ng pera sa iyong card kahit kailan mo kailanganin.

2. Irehistro ang iyong card

Irehistro ang iyong card online sa **www.prestocard.ca**.

Paalaala: Matapos ang 24 oras mula sa iyong pagrehistro ng iyong PRESTO card online, kailangan mong mag-tap sa **kahit anong** PRESTO device* sa loob ng pitong araw upang makumpleto ang rehistrasyon.

Mga Estudyante at Matatanda – Kailangan **ay may** nakarehistrong PRESTO card ka upang matanggap ang karampatang halaga ng pasahe.

Paalaala: Kung ikaw ay isang nakatatanda na (adult) at ayaw mong irehistro ang iyong PRESTO card, ito ay mananatili bilang default anonymous adult card (tingnan ang **Mga Benepisyo sa Pagrerehistro ng Iyong Card**).

Kabilang sa *PRESTO devices ang: Balance Checkers sa mga terminal at pasilidad ng Brampton Transit o mga device na pambayad ng pamasahe sa mga bus ng Brampton Transit.

3. Pagtatakda ng mga naka-discount na pamasahe

Mga Estudyante at Matatanda – Kapag nairehistro mo na ang iyong card, **kailangan** mong bumisita sa isang terminal o pasilidad ng Brampton Transit upang makuha ang card set na may klasipikasyon na pang-estudyante o pang-matanda, upang makuha ang karampatang pamasae.

Gamitin ang iyong PRESTO card upang bayaran ang mga karagdagang pasahero

Pagkatapos i-tap ang iyong PRESTO card sa isang device na pambayad ng pamasahe, ipaalam sa operator ng bus na gusto mong magbayad para sa mga karagdagang pasahero. Ipapasok ng operator ang mga karagdagang pasahero, at kailangan mong i-tap ang iyong card sa PRESTO device ng operator.

Paalaala: lAng mga karagdagang pasahero ay sisingilin ayon sa halaga ng tiket na pang-nakakatanda (adult).

Brampton Transit

Mga Benepisyo sa Pagrerehistro ng **Iyong Card**

- **Para sa mga nawala o ninakaw na card:** Iulat ang nawawalang card sa PRESTO ay ipa-block ito. Ikaw ang mananagot sa halagang nabawas sa loob ng 24 oras ng pag-uulat ukol sa pagkawala. Kailangan mong bumili ng pamalit na card at mag-load ng pinakamababang halaga na $10 sa card. Bago irehistro ang iyong bagong card, tawagan ang PRESTO Call Centre at sabihing ilipat ang pondo mula sa iyong lumang card.
- **Autoload:** Piliin upang awtomatikong i-load ang iyong card sa pamamagitan ng iyong bank account o credit card kapag ang halaga ng laman ng card ay umabot na sa isang natakdang lebel. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **www.prestocard.ca**
- **Kredito sa Pederal na Tax:** Ang mga nakarehistrong card lamang ang maaaring bigyan ng kredito sa pederal na tax. Kailangan mong gamitin ang iyong PRESTO card ng di bababa sa 32 one-way na biyahe sa iisang sasakyan (transit system) lamang nang tuluy-tuloy at di lalagpas sa 31 araw. Maaari kang makapag-print ng statement sa paggamit mula sa PRESTO website para sa tax.

Device na pambayad ng pamasahe

Natitirang Balanse

Naibawas na Balanse

Natitirang Oras ng Paglilipat

I-tap ang card dito

Pang-check ng Balanse

Hawakan ang card sa device upang makita ang kasaysayan ng transaksyon

Brampton Transit